# 8 Araling Panlipunan

## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng worksheets/activity sheets na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI).

CLMD CALABARZON

# Araling Panlipunan

## Ikawalong Baitang

**Regional Office Management and Development Team: Job S. Zape, Jr.,** Leonardo C. Cargullo, Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-Ongowan, Lhovie A. Cauilan, Ephraim L. Gibas

**Schools Division Development Team: Edna U. Mendoza**, Glenda DS. Catadman Ronald V. Ramilo, Nerrisa A. Austria, Leah J. Guillang, Ivan Honorpette A. Mijares, Jenelyn T. Burgos, Maria Theresa T. Gutierrez, Jenny Lyn T. Burgos, Teodoro B. Lualhati, Norwin Dela Rosa, Reynaldo G. Leonen, Lilibeth L. Cabrera Roger C. Maldia, Philip Ceasar Castillo Juan, Jenny Lyn G Tolentino, Asher  Pasco, Evangeline U. Mendejar, Jael Faith Ledesma

**Araling Panlipunan Ikawalong Baitang**
**PIVOT IV-A Learner's Material**
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learner's Material

## Para sa tagapagpadaloy

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutunan ang mga aralin sa asignaturang Agham Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag -unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan ng may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusonod na aralin.

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Inaasahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| Pagpapaunlad | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay naghahanap ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| Pakikipagpalihan | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| Paglalapat | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan. |

WEEK 1


I

# Heograpiya at mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig

## Aralin

Sa araling ito, pagtutuunan mo ng pansin ang pag-aaral tungkol sa Daigdig. Narito ang ilang pamantayan, inaasahang ikaw ay makikiisa at gaganap sa mga panukalang proyektong nagsusulong sa pangangalaga at preserbasyon ng mga pamana ng mga sinaunang kabihasnan sa Daigdig para sa kasalukuyan at sa susunod na henerasyon.

Sa pagtatapos ng araling na ito inaasahan na may sapat na kang kaalaman sa heograpiya, mailalarawan ang katangiang pisikal ng isang lugar. Inaasahan din na mauunawaan mo ang bahaging ginampanan ng heograpiya mula pa sa unang panahon hanggang sa kasalukuyan at napahahalagahan ang pag-aaral ng heograpiya tungo sa pagkakaroon ng pag-unlad ng pamumuhay mula sa panahong prehistoriko hanggang sa kasalukuyan.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pagmasdan ang larawan sa itaas. Ano ang iyong masasabi sa posisyon ng daigdig sa solar system? Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**: Basahin ng mabuti ang mga katanungan. Pillin at isulat ang titik ng tamang sagiot sa iyong kuwaderno.

1. Ito ang distansya na tumutukoy sa kung gaano katagal ang paglalakbay.

   A. Grid B.Linear C. Psychological D. time

2. Tinatawag itong super continent.

   A. kontinente B. Pangaea C. Lauresia D. Gondwanaland

3.Tumutukoy sa pag-

   A. Heograpiya B. Heograpiyang Pantao C. Etniko D.Heograpiyang Pisikal

4. May iba't-ibang teorya sa pagkakaroon ng mga kontinente sa daigdig, alin ang teoryang isinulong ni Alfred Wegener?

   A. Big Bang B. Continental drift C. Nebular D. Planetisimal

5. . Ang kaloob-loobang bahagi ng daigdig na binubuo ng sa mga metal tulad ng iron at nickel.

   A. crust B. mantle C. core D. globe

6. Ang karagatan ang pinakamalawak sa mga anyong tubig. Alin sa mga sumusunod ang pinakamalaking karagatan sa daigdig?

   A. Artic B. Atlantic C. Indian D. Pacific

7. Itinuturing itong kaluluwa ng kultura.

   A. Wika B. Relihiyon C. Rehiyon D. ugali

8. Saan umusbong ang kauna unahang kabihasnan sa daigdig?

   A. karagatan B. lambak C. ilog D. lambak-ilog

**ANG ESTRUKTURA NG DAIGDIG**

**CRUST -** ang matigas at mabatong bahagi ng planetang ito. Umaabot ang kapal nito mula 30-65 KM palalim mula sa mga kontinente.Subalit sa mga karagatan,ito ay may kapal lamang na 5-7 km.


**MANTLE -** ay isang patong ng mga batong napakainit kaya malambot at natutunaw ang ilang bahagi nito.

**CORE -** tinatawag na core ang kaloob-loobang bahagi ng daigdig na binubuo ng mga metal tulad ng iron at nickel.

Ang daigdig ay may plate o malalaking masa ng solidong bato na hindi nananatili sa posisyon. Sa halip, ang mga ito ay gumagalaw na tila mga balsang inaanod sa mantle.Napakabagal ng paggalaw ng mga plate na ito na umaabot lamang sa 5 sentimetro bawat taon. Gayunpaman, ang paggalaw at ang

**ANG KATANGIANG PISIKAL NG DAIGDIG**

Isa ang daigdig sa walong planetang umiinog sa isang malaking bituin, ang araw. Bumubuo sa tinatawag na solar system ang mga ito. Ang lahat ng buhay sa daigdig halaman, hayop, at tao ay kumukuha ng enerhiya mula sa araw. Gayon, halos lahat sa kalikasan at kapaligiran mula sa hangin, alon, ulan, klima, at panahon –ay naaapektuhan ng araw. Mahalaga rin ang sinag ng araw sa mga halaman upang mabuhay at maganap ang *photosynthesis*. Samantala, ang mga halamang ito ay nagbibigay ng oxygen na mahalaga sa lahat ng nilalang. Ang pagkakaroon ng buhay sa daigdig ay masasabing dulot ng tiyak na posisyon nito sa solar system, patunay na ang pag-inog nito sa sariling aksis at ang paglalakbay paikot sa araw bawat taon.



pag-uumpugan ng mga ito ay napakalakas at nagdudulot ng mga paglindol, pagputok ng mga bulkan at pagkakabuo ng mga kabundukan tulad ng Himalayas.Ito din ang dahilan ng pagkakabuo ng mga kontinente.

Ang daigdig ay may apat na hating-globo o hemisphere, ito ay ang mga sumusnod, Northern Hemisphere, Southern Hemispher, Western Hemisphere, at Eastern Hemisphere.

**Talahanayan 1.1: Ilang Mahalagang Kaalaman Tungkol sa Daigdig**

| | |
|---|---|
| **Tinatayang Bigat (mass)** | $5.9736 * 10^{24}$kg |
| **Tinatayang Edad** | 4.6 bilyong taon |
| **Populasyon (2009)** | 6,768,167,712 |
| **Kabuuang Lawak ng Ibabaw ng Daigdig** | 510,066,000 kilometro kuwadrado ($km^2$) |
| **Lawak ng Kalupaan** | 148,258,000 km kwd (29.1%) ($km^2$) |
| **Lawak ng Karagatan** | 335,258,000 km kwd ($km^2$) |
| **Pangkalahatang Lawak ng Katubigan** | 361,419,00 km kwd (70.9%) ($km^2$) |
| **Uri ng Tubig** | 97% alat, 3% tabang |
| **Circumference o Kabilugan sa Equator** | 40,066 km |
| **Circumference o Kabilugan sa Poles** | 39,992 km |
| **Diyametro sa Equator** | 12,753 km |
| **Diyametro sa Poles** | 12,710 km |
| **Radius sa Equator** | 6,376 km |
| **Radius sa Poles** | 6,355 km |
| **Bilis ng Pag-ikot** | Lumigid ang daigdig paikot sa araw sa bilis na 66,700 milya bawat oras (mph). 107, 320 km bawat oras. |
| **Orbit sa Araw** | Lumigid ang daigdig ang paikot sa araw sa loob ng 365 araw, limang oras, 48 minuti at 46 na segundo |

**Ang Longhitud at ang Latitude**

Sa pagtatakda ng lokasyon ng isang lugar sa globo, Mahalagang mabatid ang ilang termino at konseptong may malaking kaugnayan dito. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng longhitud at latitude ng isang lugar,maaaring matukoy ang lokasyon nito sa globo o mapa sa paraang absolute,astronomical,o tiyak.

**LONGITUDE**

Tinatawag na Longitude ang distansyang angular na nasa pagitan ng dalawang meridian patungo sa kanluran ng Prime Meridian. Ito rin ang mga bilog na tumatahak mula sa North Pole patungong South Pole.

**PRIME MERIDIAN**

Ito ay nasa Greenwich sa England at itinatalaga bilang zero degree longitude.

**LATITUDE**

Tinatawag na Latitude ang distansyang angular sa pagitan ng dalawang parallel patungong hilaga o **timog ng Ekwador.**

**TROPIC OF CANCER**

Ang pinakadulong bahagi ng Northern Hemisphere na direktang sinisikatan ng araw. Makikita ito sa 23.5 degree hilaga ng ekwador.

**TROPIC OF CAPRICORN**

Ang Tropic ng Capricorn ay ang pinakadulong bahagi ng Southern Hemisphere na direkta ring sinisikatan ng araw.Matatagpuan ito sa 23.5.

**EKWADOR**

Ito ang humahati sa globo sa hilaga at timog hemisphere o hemispero. Ito rin ang itinatakdang zero degree latitude.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: GEO-line:** Unawain ang mga tanong sa ibaba. Gumuhit ng bilog na sumisimbolo sa mundo upang maipakita ang iyong kasagutan. Huwag kalimutang lagyan ng *label* ang bawat guhit na iyong ilalagay upang mailahad ng malinaw at maayos ang iyong kasagutan. Gawin ito sa isang malinis na papel..

1. Ito ang pinakadulong bahagi ng Southern Hemisphere na direkta ring sinisikatan ng araw.
2. Makikita ito sa 23.5 degree hilaga ng ekwador.
3. Ito ang humahati sa globo sa hilaga at timog hemisphere o hemispero.
4. Ito ang nagbabago ang pagtatakda ng petsa alinsunod sa pagtawid sa linyang ito pasilangan o pakanluran.
5. Ito ay makikita sa Greenwich sa England na itinatalaga bilang 0 degree longitude.
6. Ang distansyang angular sa pagitan ng dalawang parallel patungo sa hilaga o timog ng ekwador.
7. Ito ang mga bilog na tumatahak mula sa North Pole patungong South Pole.

Ang daigdig ang tanging planeta sa solar system na kayang makapagpanatili ng buhay. Ang malaking bahagi ng ating planeta ay may kaayaayang atmospera at sapat na sinag ng araw, init at tubig upang matustusan ang pangangailangan ng mga halaman at hayop sa balat ng lupa.

Mahalaga ang papel ng klima, ang kalagayan o kondisyon ng atmospera sa isang rehiyon o lugar sa matagal na panahon. Pangunahing salik sa pagkakaiba-iba ng mga klima sa daigdig ang natatanggap na sinag ng araw ng isang lugar depende sa latitude at gayon din sa panahon, distansiya mula sa karagatan, at taas mula sa sea level.

Ang mga lugar na malapit sa equator ang nakararanas ng pinakasapat na sinag ng araw at ulan na nararanasan sa buong daigdig. Dahil dito, maraming habitat o likas na tahanang nagtataglay ng iba't ibang species ng halaman at hayop ang matatagpuan sa mga lugar na ito. Kabilang sa mga ito ay ang mga

rainforest, coral reef, at mangrove swamp. Kapag bihira naman ang pag-ulan at napakainit ng panahon sa isang pook, tulad ng disyerto, kakaunti ang maaaring mabuhay na mga halaman at hayop dito. Ganito rin ang maaaring asahan sa mga lugar na lubhang napakalamig ng panahon.

**Ang mga Kontinente**

Tinatawag na kontinente ang pinakamalawak na masa ng lupa sa ibabaw ng daigdig. May mga kontinenteng magkakaugnay samantalang ang iba ay napapalibutan ng katubigan. Ayon kay Alfred Wegener, isang German na nagsulong ng Continental Drift Theory, dati ng magkakaugnay ang mga kontinente sa isang super kontinente na Pangaea. Dahil sa paggalaw ng continental plateo malaking bloke ng bato kung saan nakapatong ang kalupaan, nagkahiwa-hiwalay ang Pangaea at nabuo ang kasalukuyang mga kontinente.

**CONTINENTAL DRIFT THEORY**

Mayroon lamang isang super continent na tinatawag na Pangaea na pinaliligiran ng karagatang tinawag na Panthalassa Ocean. Nagsimulang maghiwalay ang kalupaan ng Pangaea hanggang sa mahati sa dalawa: Laurasia sa Northern Hemisphere at Gondwanaland sa Southern hemisphere. Nagsimulang maghiwalay ang kalupaan ng Pangaea hanggang sa mahati sa dalawa: Laurasia sa Northern Hemisphere at Gondwanaland sa Southern hemisphere. Nagpatuloy ang paghihiwalay ng mga kalupaan. Mapapansin ang India na unti-unting nadikit sa Asya.

**Sa Kasalukuyan**

Unti-unti ang paggalaw ng mga kontinente. Tinatayang 2.5 sentimetro ang galaw ng North America at Europe bawat taon. May mga kontinenteng nagtataglay ng marami. May pitong kontinente ang daigdig–Africa, Antarctica, Asya, Europe, North America, at South America at Australia. Sa mga estadistika, ang karaniwang isinasama sa Australia ang Oceania tumutukoy sa mga bansa at pulo sa Micronesia, Melanesia, at Polynesia.

**Ang mahahalagang datos ng mga Kontinente ng Daigdig**

**AFRICA**

Nagmumula dito ang malaking supplay ng ginto at diyamante. Nandito din ang pinakamahabang ilog sa buong mundo na kilala sa pangalang Nile River at ang Sahara Dessert na pinakamalaking disyerto sa daigdig. Ito din ang kontinenteng nagtataglay ng pinakamaraming bansa sa lahat ng kontinente.

**ANTARTICA**

Ito ang tanging kontinente na natatakpan ng yelo na may kapal na 2 km. Dahil dito walang taong naninirahan dito maliban sa mga siyentistang nagsasagawa ng pag-aaral tungkol dito**.** Gayunpaman, sagana sa mga isda at mammal ang karagatang nakapalibot dito.

**ASIA**

Pinakamalaking kontinente sa mundo ang Asya. Sinasabing ang sukat nito ay mas malaki pa sa pinagsamang lupain ng North at South America at ang kabuuang sukat nito ay 1/3 ng kalupaan ng daigdig. Nandito ang pinakamalaking populasyon, ang China. Pinakamataas na bundok ang Mount Everest.

**EUROPE**

Samantala,ang Europa ay sangkapat ¼ na bahagi lamang ng kalupaan ng Asya. Ito ang ikalawa sa pinakamaliit na kontinente sa daigdig.

**NORTH AMERICA**

Hugis malaking tatsulok subalit mistulang pinilasan sa dalawang bahagi ng ng Hudson bay at Gulf of Mexico. Dalawang mahabang kabundukan ang matatagpuan dito ang Appalachian Mountains at Rocky Mountains.

**SOUTH AMERICA**

Hugis tatsulok din na unti-unting nagiging patulis mula sa bahaging ekwador hanggang sa Cape Horn sa katimugan. Ang Andes Mountain ang pinakamahabang kabundukan sa kontinenteng ito.

**AUSTRALIA/ OCEANIA**

Ang Australia ay isang bansang kinikilala ring kontinenteng pinakamaliit sa daigdig.Napalilibutan ito ng Indian Ocean at Pacific Ocean at inihihiwalay ng Arafura Sea at Timor Sea. Dahil sa mahigit 50 milyong taong pagkakahiwalay ng Australia bilang isang kontinente,may mga bukod tanging species ng hayop at halaman na sa Australia lamang matatagpuan.Kabilang dito ang kangaroo,wombat,koala,Tasmanian Devil at platypus.

Talahanayan 1.2

**DATOS TUNGKOL SA PITONG KONTINENTE**


| KONTINENTE | LAWAK ($KM^2$) | TINATAYANG POPULASYON (2009) | BILANG NG BANSA |
|---|---|---|---|
| **Asya** | 44,614,000 | 4,088,647,780 | 44 |
| **Africa** | 30,218,000 | 990,189,529 | 53 |
| **Europe** | 10,505,000 | 728,227,141 | 47 |
| **North America** | 24,230,000 | 534,051,188 | 23 |
| **South America** | 12,814,000 | 392,366,329 | 12 |
| **Antartica** | 14,245,000 | -NA- | 0 |
| **Australia at Ocenia** | 8,503,000 | 34,685,745 | 14 |

Sa kasaysayan, tinatayang may 540 bulkan na ang pumutok at 75% sa mga ito ay nasa Pacific Ring of Fire. Ilan sa mga bulkan sa rehiyon na ito ay pumutok at nagdulot ng malaking pinsala, ang Tambora noong 1815 kung saan namatay ang 92,000 katao,ang Krakatoa noong 1883 na pumatay ng 36,000 at Mt. Palee noong 1902 na pumatay ng 30,000 katao.

Samantala, ilan sa mga bansang labis na naapektuhan ng lindol ay ang mga sumusunod:

- China noong 1556 (830,000 ang namatay) 1976 (242,000):
- Japan noong 1923 ( 143, 000)
- Sumatra noong 2004 (227,898) at
- Haiti noong 2010 (222,570).

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Kopyahin ang crossword puzzle sa iyong kwaderno.** Tukuyin kung anong kontinente ang hinihingi sa mga tanong sa ibaba.




1. Isang bansang kinikilala ring kontinenteng pinakamaliit sa daigdig.
2. Matatagpuan dito ang mga natatanging species katulad ng Tazmania.
3. Ito ang kontinenteng nagtataglay ng pinakamaraming bansa sa lahat ng kontinente.
4. Ito ang ikalawa sa pinakamaliit na kontinente sa daigdig.
5. Pinakamalaking kontinente sa mundo.
6. Hugis tatsulok din na unti-unting nagiging patulis mula sa bahaging ekwador hanggang sa Cape Horn sa katimugan.
7. Hugis malaking tatsulok subalit mistulang pinilasan sa dalawang bahagi ng ng Hudson bay at Gulf of Mexico.
8. Nababalutan ng makapal na yelo na umaabot sa 2km.

## MGA ANYONG LUPA AT ANYONG TUBIG

### PINAKAMATAAS NA BUNDOK NG DAIGDIG

| BUNDOK | TAAS (SA METRO) | LOKASYON |
|---|---|---|
| Everest | 8,848 | Nepal/ Tibet |
| K-2 | 8,611 | Pakistan |
| Kangchenjunga | 8,588 | Nepal / India |
| Lhotse | 8,511 | Nepal |
| Maklu | 8,463 | Nepal/ Tibet |
| Cho Oyu | 8,201 | Nepal/ Tibet |
| Dhaulagiri | 8,167 | Nepal |
| Manaslu | 8,163 | Nepal |
| Nanga Parbat | 8,125 | Pakistan |
| Annapurma | 8,091 | Nepal |

## MGA KARAGATAN SA DAIGDIG

| Karagatan | Lawak (sa kilometro kuwadrado) | Average na lalim (sa talampa-kan) | Pinakamalalim na bahagi (sa talampakan) |
|---|---|---|---|
| **Pacific Ocean** | 155,557,000 | 12,926 | Mariana Trench, 35,840 talampakang lalim |
| **Atlantic Ocean** | 76,762,000 | 11,730 | Puerto Rico Trench, 28,232 talampakang lalim |
| **Indian Ocean** | 68,556,000 | 12,596 | Java Trench, 23,376 talampakang lalim |
| **Southern Ocean** | 20,327,000 | 13,100 | ( 4,000-5,000 metro)<br>16,400 talampakang lalim, ang katimu-gang dulo ng South Sandwich Trench, 23,736 talampakang lalim (7,235 metro) |
| **Arctic Ocean** | 14,056,000 | 3,407 | Eurasia Basin, 17,881 talampakang lalim |


# Natatanging Kultura ng mga Rehiyon, Bansa at Mamamayan sa Daigdig


WEEKS 2-3


## I Aralin


Sa araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang napapahahalagahan ang natatanging kultura ng mga rehiyon, bansa at mamamayan sa daigdig (lahi, pangkat- etnolingguwistiko, at relihiyon sa daigdig) , nasusuri ang kondisyong heograpiko sa panahon ng mga unang tao sa daigdig ,naipaliliwanag ang uri ng pamumuhay ng mga unang tao sa daigdig.

## D





## Heograpiyang Pantao

Saklaw ng heograpiyang pantao (human geography) ang pag-aaral ng wika, relihiyon, lahi, at pangkat-etniko sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

**Wika**

Itinuturing ang wika bilang kaluluwa ng isang kultura. Nagbibigay ito ng pagkakakilanlan o identidad sa mga taong kabilang sa isang pangkat. May 7,105 buhay na wika sa daigdig na ginagamit ng mahigit 6.6 milyong katao.

Tinatayang may 136 language family sa buong mundo. Ang mga pamilya ng wikang ito ay nagsasanga-sanga sa iba pang wikang ginagamit sa iba't-ibang bahagi ng daigdig.

| **Pamilya ng Wika** | **Buhay na Wika** | **Bahagdan ng mga Nagsasalita** | |
|---|---|---|---|
| Afro-Asiatic | 366 | 5.81 | Algeria, Bahrain, Cameroon, Chad, Cyprus, Egypt, Eritrea, Ethiopia, Georgia, Iran, Iraq, Israel, Jordan, Kenya, Libya, Mali, Malta, Maurit ania, Morocco, Niger, Nigeria,Oman, Palestine, Saudi Arabia, Somalia, Sudan, Syria, Tajikistan, Tanzania, Tunisia, Turkey, United Arab Emirates, Uzbekistan, at Yemen |
| Autrone-sian | 1,221 | 5.55 | Brunei, Cambodia, Chile, China, Cook Islands, East Timor, Fiji, French Polynesia, Guam, Indonesia, Kiribati, Madagascar, Malaysia, Marshall Islands, Mayotte, Micronesia, Myanmar, Nauru, New Caledonia, New Zealand, Niue, Northern Mariana Islands, Palau, Papua New Guinea, Philippines, Samoa, Solomon Islands, Suriname, Taiwan, Thailand, Tokelau, Tonga, Tuvalu, Unite States, Vanuatu, Viet Nam, Wallis at Futuna. |

| **Pamilya ng Wika** | **Buhay na Wika** | **Bahagdan ng mga Nagsasalita** | |
|---|---|---|---|
| Indo-European | 436 | 46.77 | Afghanistan, Albania, Armenia, Austria, Azerbaijan, Bangladesh, Belarus, Belgium, Bosnia and Herzegovina, Brazil, Bulgaria, Canada, China, Croatia, Czech Republic, Denmark, Fiji, Finland, France, Germany, Greece, Iceland, India, Iran, Iraq, Ireland, Isle of Man, Israel, Italy, Latvia, Lithuania, Luxembourg, Macedonia, Maldives, Myanmar, Nepal, Netherlands, Norway, Oman, Pakistan, Peru, Poland, Portugal, Romania, Russian Federation, Serbia, Slovakia, Slovenia, South Africa, Spain, Sri Lanka, Suriname, Sweden, Switzerland, Tajikistan, Turkey, Ukraine, United Kingdom, United States, Vatican State, at Venezuela. |
| Niger-Congo | 1,524 | 6.91 | Angola, Benin, Botswana, Burkina Faso, Burundi, Cameroon, Central African Republic, Chad, Comoros, Congo, Côte d'Ivoire, Cuba, Democratic Republic of the Congo, Equatorial Guinea, Gabon, Gambia, Ghana, Guinea, Guinea Bissau, Kenya, Lesotho, Liberia, Malawi, Mali, Mayotte, Mozambique, Namibia, Niger, Nigeria, Rwanda, Senegal, Sierra Leone, Somalia, South Africa, South Sudan, Sudan, Swaziland, Tanzania, Togo, Uganda, Zambia, at Zimbabwe. |
| Sino-Tibetan | 456 | 20.34 | Bangladesh, Bhutan, China, India, Kyrgyzstan, Laos, Myanmar, Nepal, Pakistan, Thailand, at Vietnam |

## Relihiyon

Mabibigyang-kahulugan ang relihiyon bilang kalipunan ng mga paniniwala at rituwal ng isang pangkat ng mga taong tungkol sa isang kinikilalang makapangyarihang nilalang o Diyos. Nagmula ito sa salitang *religare* na nangangahulugang “buuin ang mga bahagi para maging magkakaugnay ang kabuuan nito.” Dahil sa mga paniniwalang nakapaloob sa sistema ng isang relihiyon, ay nagiging batayan ito ng pagkilos ng tao sa kaniyang pang-arawaraw na pamumuhay. Kahit ang ating mga ninuno ay mayroon nang sistema ng mga paniniwala na nagsisilbing-gabay sa kanilang pamumuhay. Ngunit hindi ito katulad ng mga relihiyon sa kasalukuyan na may organisado at sistematikong mga doktrina. Sa kasaysayan ng daigdig, naging malaki ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa buhay ng tao, bilang indibidwal at kasapi ng isang lipunan. Naging malaking salik ito sa pagtatag at pagbagsak ng mga kaharian, at pagkasawi ng maraming buhay. Dahilan din ito ng pag-unlad at pag-iral ng mga kultura. Hanggang sa kasalukuyan, nananatiling malaking bahagi ng buhay ng tao ang relihiyon.

Makikita sa tsart ang mga pangunahing relihiyon sa daigdig at ang bahagdan ng dami ng tagasunod ng mga ito.

**Lahi/Pangkat-Etniko**

Tila isang malaking mosaic ang daigdig dahil na rin sa maraming natatanging paglalarawan at katangian ng mga naninirahan dito. Isang batayan nito ang race o lahi na tumutukoy sa pagkakakilanlan ng isang pangkat ng mga tao, gayundin ang pisikal o bayolohikal na katangian ng pangkat.


| **Relihiyon** | Kristiyano | Islam | Hinduismo | Budismo | Non-religious | Iba pa |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Bahagdan** | 32% | 23% | 15% | 7% | 12% | 11% |

Maraming eksperto ang bumuo ng ibat ibang klasipikasyon ng mga tao sa daigdig, ngunit marami rin ang nagsabing nagdulot ito ng kontrobersiya sapagkat maaaring magpakita rin ito ng maraming diskriminasyon.

Sa kabilang banda, ang salitang "etniko" ay nagmula sa salitang Greek na **ethnos** na nangangahulugang "mamamayan." Ang mga miyembro ng pangkat etniko ay pinag-uugnay ng magkakatulad na kultura, pinagmulan, wika, at relihiyon kaya naman sinasabing maliwanag ang kanilang sariling pagkakakilanlan.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: :** Itala kung ano ang naging impluwensya ng relihiyon sa lipunan, sining at kultura, politika at pag papahalaga/ moralidad. Magbigay ng dalawang halimbaw sa bawat isa. Gamitin ang graphic organizer sa ibabang bahagi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.




## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin ang mga sumusunod na salita. Tukuyin kung ito ba ay nabibilang sa **Wika, Lahi, Pangkat-Etniko o Relihiyon**. Isluat ang iyong sagot sa iyong kuwadernong.

1. Aeta
2. Austronesian
3. Filipino
4. Ilokano
5. Islam
6. Kristiyanismo
7. Mongoloid
8. Tagalog
9. Tsino
10. Waray - waray

WEEKS 4-5


# Yugto ng Pag-unlad ng Kultura sa Panahong Prehistoriko

I

Aralin

Ang araling ito ay nahahati sa dalawang paksa: Ang yugto ng pag-unlad ng kultura sa panahong prehistoriko at  ang heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig

Sa aralin na ito, inaasahang maipapamalas ang mga sumusunod na kaalaman, kakayanan at pag-unawa at asusuri ang kondisyong heograpikal sa panahon ng mga unang tao sa daigdig, nailalarawan ang mga katangian ng mga unang tao sa daigdig, napapahahalagahan ang uri ng pamumuhay ng unang tao sa daigdig, nailalahad ang yugto ng pag-unlad ng kultura ng mga sinaunang tao at napapahalagahan ang mga pangyayari sa iba't ibang yugto ng pag-unlad ng sinaunang tao.



D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin ng may pang-unawa ang bawat pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang panahon kung saan may pinakamahabang yugto sa kasaysayan ng katauhan.
   A. Lumang Bato  C. Panahon ng Metal
   B. Bagong Bato  D. Prehistoriko

2. Ano ang kahulugan ng Homo habilis?
   A. able man o handy man  C. available man
   B. Strong man  D. faster man

3. Saang panahon nalinang ang paghahabi, paggawa ng alahas at kutsilyo
   A. Bagong Bato  C. Panahon ng Metal
   B. Lumang bato  D. Panahaon ng Ginto

4. Ang panahon kung saan tinatawag din itong panahong Neolitiko.
A. Bagong Bato B. Lumang Bato C. Panahon ng Metal D. Prehistoriko

5. Ito ang uri ng pamayanan sa panahon ng Lumang Bato.
A. Sakahan B. Pangingisda C. Pagmimina D.Wala sa nabanggit

6. Panahong gumamit ng paraan ng pangangaso ang unang tao.
A. Lumang Bato B. Bagong Bato C. Panahong Metal D. Prehistoriko

7. Nagkaroon ng sistema ng pagsasaka sa panahong ito.
A. Lumang Bato B. Bagong Bato C. Panahong Meta D. Prehistoriko

8. Sa panahong ito nakagagawa mula sa tanso tulad ng espada, palakol, punyal, martilyo, pana, at sibat .
A. Paleolitiko B. Neolitiko C. Metal D. Prehistoriko

9. Tinatawag din itong rebolusyong agrikultural .
A. Paleolitiko B. Neolitiko C. Panahon ng Metal D. Prehistoriko

10. Sa panahong ito natuto silang maglibing ng mga yumao sa loob ng kanilang bahay.
A. Lumang Bato B. Bagong Bato C. Panahon ng Metal D. Prehistoriko

## Mga Tanyag na Prehistorikong Tao

Ang Homo Sapiens ang pinakahuling species na ebolusyon ng tao, ang Homo sapiens Neanderthalensis (circa 200,000 - 30,000 taon BP). Higit na malaki ang utak ng Homo sapiens kung ihahambing sa mga naunang species kaya nangangahulugan higit ang kanilang kakayahan sa pamumuhay at paggawa ng kagamitan. May mga patunay na may kaalaman ang Neanderthal sa paglilibing samantalang ang Cro-Magnon ay lumikha ng sining ng pagpipinta sa kuweba.

Sa loob ng maraming libong taon, namuhay ang mga prehistorikong tao sa pangangaso at pangangalap ng pagkain. Dakong 12,000 taon nang matutuhan ng mga sinaunang tao ang pagtatanim. Tuluyan ding umunlad ang kanilang mga kasangkapan sa paggamit ng mas makinis na bato. Ito ang nagpasimula sa Panahong Neolitiko.

**Panahong Neolitiko (**dakong 10,000-4,000 B.C.E.)

Ang huling bahagi ng Panahong Bato ay tinatawag na Panahong Neolitiko (**Neolithic Period**) o Panahon ng Bagong Bato (**New Stone Age**) na hango sa mga salitang Greek na **neos** o “bago”at **litho***s* o “bato.”

Ang terminong **neolitiko** ay ginagamit sa arkeolohiya at antropolohiya upang italaga ang isang antas ng ebolusyong pangkalinangan o pagbabago sa pamumuhay at teknolohiya. Kilala ang panahong ito sa paggamit ng makikinis na kasangkapang bato, permanenteng paninirahan sa pamayanan, pagtatanim, pamayanan, pagtatanim, paggawa ng palayok at paghahabi.

Naganap sa panahong ito ang Rebolusyong Neolitiko o sistematikong pagtatanim. Isa itong rebolusyong agrikultural sapagkat natustusan na ang pangangailangan sa pagkain. Ito rin ang nagbigay-daan sa permanenteng paninirahan sa isang lugar upang alagaan angmga pananim. Ang Catal Huyuk ay isang pamayanang Neolitikong matatagpuan sa kapatagan ng Konya ng gitnang Anatolia (Turkey ngayon). Ito ay isang pamayanang sakahan. May populasyong mula 3000 – 6000 katao, magkakadikit ang mga dingding ng kabahayan at ang tabing pasukan ng isang loob ng kanilang bahay. May paghahabi, paggawa ng mga alahas, salamin, at kutsilyo sa panahong ito.

**Panahon ng Bronse**

Naging malawakan na noon ang paggamit ng bronse nang matuklasan ang panibagong paraan ng pagpapatigas ditoPinaghalo ang tanso at lata (*tin*) upang makagawa ng higit na matigas na bagay. Iba't ibang kagamitan at armas ang nagagawa mula sa tanso tulad ng espada, palakol, kutsilyo, punyal, martilyo, pana, at sibat. Sa panahong ito natutong makipagkalakalan ang mga tao sa mga karatig-pook

**Panahon ng Bakal**

Natuklasan ang bakal ng mga Hitite, isang pangkat ng mga Indo-Europeo na naninirahan sa Kanlurang Asya dakong 1500 B.C.E. Natutunan nilang magpanday at magtunaw ng bakal. Matagal nilang pinanatiling lihim ang pagtutunaw atpagpapanday ng bakal. Nang lumaon, lumaganap ang paggamit ng bakal sa iba pang kaharian.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Pagsulat ng Sanaysay:** Ang mag-aaral ay inaatasang gumawa ng isang sanaysay na sasagot sa tanong na ito: "Ano ang bahaging ginampanan ng pagbabago upang matuklasan ang mga mahahalagang kasangkapan sa kasakuluyan?" Isulat ang iyong sanaysay sa iyong kuwaderno.

**Rubriks**

| Pamantayan | Kabuuang Puntos | Nakuhang Puntos |
|---|---|---|
| Malinaw na nailahad ang kaisipan batay sa pagsangguni sa mga datos na natutunan mula sa talakayan | 10 puntos | |
| Malinis na nasulat ang sanaysay at gumamit ng mga wastong bantos | 5 puntos | |
| **KABUUAN** | **15 puntos** | |

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Tukuyin kung anong yugto ng pag-unlad ng kultura naganap ang bawat pangyayari sa bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

**A. Panahong Metal** **B. Panahong Neolitiko** **C. Panahong Paleolitiko**

1. Panahong gumamit ng paraan ng pangangaso ang unang tao.
2. Nagkaroon ng sistema ng pagsasaka.
3. Nakagagawa mula sa tanso tulad ng espada, palakol, punyal, martilyo, pana, at sibat.
4. Isa itong rebolusyong agrikultural .
5.Natuto silang maglibing ng mga yumao sa loob ng kanilang bahay.
6. Ang panahon kung saan may pinakamahabang yugto sa kasaysayan ng katauhan.
7. Umusbong ang mga Homo habilis o ang mga “able man o handy man”.
8. Saang panahon nalinang ang paghahabi, paggawa ng alahas at kutsilyo
9. Ang panahon kung saan tinatawag din itong panahong Bagong Bato..
10. Nagkaroon sila ng permanenteng tirahan.

WEEKS 6-8

# Heograpiya at mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig

I

## Aralin

Matapos mong matutuhan ang pagsisikap ng mga sinaunang tao, na mapaunlad ang kanilang pamumuhay, maiisip lamang na tuluyan nilang nakamit ang mataas na antas ng kalinangang kultural. Ito ang pagtatatag ng mga kabihasnang nagkaloob ng mga dakilang pamana sa iyo at sa lahat ng tao sa kasalukuyang panahon. Inaasahang ikaw ay makikiisa at gaganap sa mga panukalang proyektong nagsusulong sa pangangalaga at preserbasyon ng mga pamana ng mga sinaunang kabihasnan sa Daigdig para sa kasalukuyan at sa susunod na henerasyon, masusuri ang mga sinaunang kabihasnan ng Egypt, Mesopotamia, India at China batay sa politika, ekonomiya, kultura, relihiyon, paniniwala at lipunan.

Sa Araling ding ito ay maaring maitanong mo, kung ano nga ba ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga sinaunang Kabihasnan sa Daigdig? Ano-ano nga ba ang mga Sinaunang kabihasnan sa daigdig? Bakit dapat nating linangin ang pagpapahalaga sa iba't ibang klase ng politika, ekonomiya, kultura, relihiyon, paniniwala, lipunan at kontribusyon ng sinaunang kabihasnan sa daigdig? Simulan mo ang pagtuklas at pagbuo ng mga pang-unang kasagutan sa iyong mga tanong sa pamamagitan ng mga sumusunod na Gawain.

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin ng mabuti ang mga katanungan. Pillin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang pinakamatandang kabihasnan sa kasaysayan ay matatagpuan sa:

   A. Sumer B. India C. Ehipto D.China

2. Kilala si Nebuchadnezzar dahil sa kanyang kahanga-hangang:

   A. Taj Mahal B. Hanging Gardens C. Piramides D. Ziggurat

3. Alin sa mga sumusunod ang itinituring na pinakaunang Imperyo sa daigdig.

   A. Persia B. Babylonia C. Chaldea D. Akkad

4. Sila ang pangkat ng Tao na pinaniniwalaang orihinal na nagmula sa hilagang-silangang bahagi ng Black Sea.

   A. Hittites B. Persian C. Sumerian D. Babylonian

5. Sa mga nagawang pag-aaral sa kasaysayan ang mga sinaunang kabihasnan ay nagmula sa:

   A. Baybaying dagat B. Lambak ilog C. Mataas na bundok D. Talampas

**Kabihasnang Egyptian**

Ang sinaunang kasaysayan ng Egypt ay kadalasang hinahati sa mga panahong batay sa dinastiya ng naghaharing *pharaoh*. Ang *pharaoh* ang tumayong pinuno at hari ng sinaunang Egypt at itinuring ding isang diyos na taglay ang mga lihim ng langit at lupa. Para sa mga *pharaoh*, sila ang tagapagtanggol sa kanilang nasasakupan. Sa pangkalahatan, maituturing na kontrolado ng isang *pharaoh* ang lahat ng aspekto ng pamumuhay ng mga sinaunang Egyptian. Kabilang sa kaniyang mga tungkulin ang pagsasaayos ng mga irigasyon, pagkontrol sa kalakalan, pagtatakda ng mga batas, pagpapanatili ng hukbo, at pagtiyak sa kaayusan ng Egypt.

Ang mga iskolar na nag-aaral sa kasaysayan ng Egypt ay tinatawag na mga *Egyptologist*. Batay sa ilang tala, mahahati ang kronolohiya ng kasaysayan ng Egypt sa sumusunod na pagpapanahon:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | Pre-dynastic Period | Nauna sa Panahon ng mga Dinastiya | Nauna sa 3100 B.C.E. |
| 2 | Early Dynastic Period | Panahon ng mga Unang Dinastiya | Una at Ikalawang Dinastiya (circa 3100-2670 B.C.E.) |
| 3 | Old Kingdom | Matandang Kaharian | Ikatlo hanggang Ikaanim na Dinastiya (circa 2670-2150 B.C.E.) |
| 4 | First Intermediate Period | Unang Intermedyang Panahon | Ikapito hanggang Ika-11 Dinastiya (circa 2150-2040 B.C.E.) |
| 5 | Middle Kingdom | Gitnang Kaharian | Ika-12 at Ika-13 Dinastiya (circa 2040-1650 B.C.E.) |
| 6 | Second Intermediate Period | Ikalawang Intermedyang Panahon | Ika-14 hanggang Ika-17 Dinastiya (circa 1650-1550 B.C.E.) |
| 7 | New Kingdom | Bagong Kaharian | Ika-18 hanggang Ika-20 Dinastiya (circa 1550-1070 B.C.E.) |
| 8 | Third Intermediate Period | Ikatlong Intermedyang Panahon | Ika-21 hanggang Ika-25 Dinastiya (circa 1070-664 B.C.E.) |
| 9 | Late Period | Huling Panahon | Ika-26 hanggang Ika-31 Dinastiya (circa 664-330 B.C.E.) |

Nangingibabaw ang bawat dinastiya hangga't hindi ito napatatalsik o walang tagapagmana sa trono. Ang mga petsa ng mga pangyayari sa kasaysayan ng Egypt ay patuloy pa ring paksa ng mga pananaliksik kaya di pa maitakda ang tiyak na petsa.

Suriin ang kasunod na tahanayan sa baba upang higit na maunawaan ang daloy ng sinaunang kasaysayan ng Egypt.

**1. Pre-dynastic Period (Nauna sa Panahon ng mga Dinastiya**

**Mahalagang Pangyayari:**

Namuhay sa mga pamayanang malapit sa Nile. Pagsapit ng ikaapat na milenyo B.C.E., ang ilang pamayanan ay naging sentro ng pamumuhay sa sinaunang Egypt ang mga ito ay tinawag na *nome* o malalayang pamayanan na naging batayan ng mga binuong lalawigan ng sinaunang estado ng Egypt. Ang mga pinuno ng mga *nome* o *nomarch,* ay unti- unting nakapagbuklod ng isang estado sa Nile upang makabuo ng panrehiyong pagkakakilanlan.

**Ambag sa Kasaysayan:**

Gumawa ng sariling sistema ng pagsulat na tinatawag na **hieroglyphics** o nangangahulugang "sagradong ukit" o *hieratic* sa wikang Greek. Ang sinaunang panulat na ito ay naging mahalaga sa pakikipagkalakalan at pagtatala ng mga pangyayari.

2. **Early Dynastic Period (Panahon ng mga Unang Dinastiya**

**Mahalagang Pangyayari:**

Dalawang kaharian ang nabuo sa kahabaan ng Nile, ang Upper Egypt at Lower Egypt. Noong 3100 B.C.E., isang pinuno ng Upper Egypt, sa katauhan ni Menes, ang sumakop sa Lower Egypt na nagbigay-daan upang mapag-isa ang lupain samahabang panahon. Si Menes ay isa sa mga pinakaunang *pharaoh* sa panahon ng Unang Dinastiya ng Egypt. Maliban sa pagkakaroon ng pinag-isang pangangasiwa, nagtalaga rin siya ng mga gobernador sa iba't ibang lupain. Ang Memphis ang naging kabisera sa panahon ng paghahari ni Menes.

**3. Old Kingdom (Matandang Kaharian)**

**Ikatlo hanggang Ikaanim na Dinastiya (circa 2670-2150 B.C.E.)**

**Namuno:**

Pepi II- ang kahuli-hulihang *pharaoh* ng Ikaanim na Dinastiya (circa 90 B.C.E.). Pinaniniwalaang tumagal ng 94 na taon ang kaniyang pamumuno na nangangahulugang siya ang pinakamatagal na naghari sa lahat ng hari sa kasaysayan.

**Mahalagang Pangyayari:**

Ang mga kahanga-hangang *pyramid* o piramide ng Egypt na itinayo sa panahong ito ay nagsilbing mga monumento ng kapangyarihan ng mga *pharaoh* at huling hantungan sa kanilang pagpanaw. Ang kaharian ay nagsimulang humina dahil sa laganap na taggutom at mahinang pamamahala. Nagsimulang hamunin ng ilang mga opisyal ng pamahalaan ang kapangyarihan ng *pharaoh*. Dahil dito, nasadlak ang lupain sa kaguluhan sa loob halos ng dalawang siglo.

**Ambag sa Kasaysayan:**

*Great Pyramid* ni Khufu o Cheops sa Giza na naitayo noong 2600 B.C.E. Ito ay may lawak na 5.3 ektarya at may taas na 147 metro. Ang mga piramide ang tanging estrukturang Egyptian na nananatili sa kasalukuyang panahon. Kabilang ito sa tinaguriang **Seven Wonders of the Ancient World** na itinala ng mga Greek na pinakamagandang arkitektura sa mundo.

**4. First Intermediate Period (Unang Intermedyang Panahon)**

**Ikapito hanggang Ika-11 Dinastiya (circa 2150-2040 B.C.E.)**
**Namuno**

- Akhtoy- Mula sa Hearcleopolis
- Antef na nagmula sa Thebes

**Mahalagang Pangyayari:**

Ang tinatawag na Unang Intermedyang Panahon ay panahon ng Ikapito hanggang Ika-11 Dinastiya ng Egypt. Sa pagsapit ng 2160 B.C.E., tinangka ng mga panibagong pharaoh na pagbukluring muli ang Lower Egypt mula sa kabisera nitong Heracleopolis. Sa kabilang dako, ang kanilang mga katunggali sa Thebes ay binuo naman ang Upper Egypt. Dulot nito, nagsagupaan ang dalawang magkaribal na dinastiya sa Egypt. Ang mga pinuno mula sa Heracleopolis ay nagmula sa linya ng *pharaoh* na si Akhtoy samantalang ang unang apat na pinuno mula sa Thebes ay pinangalanang Inyotef o Antef.

**Ambag sa Kasaysayan:**

*Hindi Naitala ang ambag*

**5. Middle Kingdom (Gitnang Kaharian)**

**Ika-12 at Ika-13 Dinastiya (circa 2040-1650 B.C.E.)**

**Namuno**

- Mentuhotep
- Senusret I
- Sesostris III
- Amenemhet II- pinakamahusay na pinuno sa panahong ito at namayani sa loob ng 45 na taon.

**Mahalagang Pangyayari:**

Nagkaroon ng malawakang kaguluhan politikal sa panahong ito. Sa mga sumunod na naging hari ay napag isa muli ang Egypt. Hindi sa Lambak ng Nile naganap ang mga gawain ng karamihan sa mga naging pinuno ng Ika-12 Dinastiya. Sa halip, maraming ekspedisyon ang nagtungo sa Nubia, Syria, at Eastern Desert upang tumuklas ng mahahalagang bagay na maaaring minahin o mga kahoy na maaaring gamitin. Nagkaroon din ng kalakalan sa pagitan ng Egypt at Crete ng kabihasnang Minoan.

Ang Ika-13 Dinastiya ay bahagi ng Gitnang Kaharian. Kaguluhan at pagdating ng mga Hyksos mula sa Asya ang namayani sa panahong ito. Ang katagang hyksos ay nangangahulugang “mga prinsipe mula sa dayuhang lupain.” Sinamantala nila ang mga kaguluhan sa Nile upang makontrol ang lugar at palawigin ang kanilang kapangyarihan sa katimugan. Nagsimula ang pamamayani ng mga Hyksos noong 1670 B.C.E. at kanilang napasailalim ang Egypt sa loob ng isang siglo. Hindi nagtagal, ang kanilang paggamit ng mga *chariot* ay natutuhan din ng mga Egyptian. Nang lumaon, dahil sa kawalan ng kontrol sa kabisera, nagsimula ang panibagong panahon sa kasaysayan ng Egypt.

**6. Second Intermediate Period (Ikalawang Intermedyang Panahon)**

**Ika-14 hanggang Ika-17 Dinastiya (circa 1650-1550 B.C.E.)**

Nagpatuloy ang pamamahala ng mga Ika-13 at Ika-14 na Dinastiya sa alinman sa da wang lugar, sa Itjtawy o sa Thebes. Subalit nang lumaon, nagsimulang humina ang kanilang kontrol sa lupain. Ayon sa mga tala, ang Ika-13 Dinastiya ay nagkaroon ng 57 hari. Ito ay nagpapahiwatig ng kawalan ng kapanatagan at katatagan sa pamamahala. Ang Ika-15 Dinastiya ay nangingibabaw sa isang bahaging *Nile Delta*. Ang naging pangunahing banta sa mga *pharaoh* ng Thebes ay ang Ika-16 na Dinastiya na tinatawag ding Dinastiya ng *Great Hyksos* na namayani sa Avaris. Nagawang palawigin ng mga pinuno rito ang kanilang kapangyarihan hanggang sa katimugang bahagi na umaabot sa Thebes. Ang pangingibabaw ng dinastiya ng mga Hyksos ay natapos sa pag-usbong ng Ika-17 Dinastiya. Nagawang mapatalsik ng mga pinuno nito ang mga Hyksos mula sa Egypt.

**7. New Kingdom (Bagong Kaharian)**
**Ika-18 hanggang Ika-20 Dinastiya (circa 1550-1070 B.C.E.)**
**Namuno**

- ♦ Reyna Hatshepsut- kinilala bilang isa sa mahusay na babaing pinuno sa kasaysayan. Siya ay nagpagawa ng mga templo at nagpadala ng mga ekspedisyon sa ibang mga lupain. Sa kaniyang pagkamatay, lalo pang pinalawig ni Thutmose III (1504-1450 B.C.E.), anak ni Thutmose II, ang Imperyong Egypt.
- ♦ Amenophis IV o Akhenaton (1350-1334 B.C.E.)
- ♦ Tutankhamen (1334-1325 B.C.E.)
- ♦ Rameses I (1293-1291 B.C.E.)

Ang Ika-13 Dinastiya ay bahagi ng Gitnang Kaharian. Kaguluhan at pagdating ng mga Hyksos mula sa Asya ang namayani sa panahong ito. Ang katagang hyksos ay nangangahulugang "mga prinsipe mula sa dayuhang lupain." Sinamantala nila ang mga kaguluhan sa Nile upang makontrol ang lugar at palawigin ang kanilang kapangyarihan sa katimugan. Nagsimula ang pamamayani ng mga Hyksos noong 1670 B.C.E. at kanilang napasailalim ang Egypt sa loob ng isang siglo. Hindi nagtagal, ang kanilang paggamit ng mga *chariot* ay natutuhan din ng mga Egyptian. Nang lumaon, dahil sa kawalan ng kontrol sa kabisera, nagsimula ang panibagong panahon sa kasaysayan ng Egypt.

- ♦ Seti I (1291-1279 B.C.E.) at Rameses II (1279-1213 B.C.E.). Isa sa mahusay na pinuno ng mga panahong ito. Sa loob ng 20 taon, kinalaban niya ang mga Hittite mula sa Asia Minor na unti-unting pumapasok sa silangang bahagi ng Egypt

**Mahalagang Pangyayari:**

Itinuturing na pinakadakilang panahon ng kabihasnang Egyptian. Ito ay pinasimulan ng Ika-18 Dinastiya. Tinatawag din ito bilang *Empire Age*. Naitaboy ni Ahmose (1570-1546 B.C.E.) ang mga Hyksos mula sa Egypt noong 1570 B.C.E. Sinimulan niya ang dinastiya ng mga dakilang *pharaoh* mula sa Thebes at namayani mula sa delta hanggang Nubia sa katimugan.Panahon din ito ng agresibong pagpapalawak ng lupain ng Egypt sa kamay ng malalakas na mga *pharaoh*. Ang kapangyarihan ng Egypt ay umabot sa Nubia sa katimugan hanggang sa Euphrates River sa Mesopotamia, sa lupain ng mga

Hittite at Mitanni. Natapos ang alitan ng Egypt at Hittite nang lumagda sa isang kasunduang pangkapayapaan si Rameses II at Hattusilis III, ang hari ng Hittite. Ito ang kauna-unahang kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng dalawang imperyo sa kasaysayan ng daigdig. Pinaniniwalaang ang *Exodus* ng mga Jew mula Egypt ay naganap sa panahon ni Rameses II. Muli na namang humina ang pamamahala sa Egypt sa kaniyang pagpanaw.

**8. Third Intermediate Period (Ikatlong Intermedyang Panahon)**
**Ika-21 hanggang Ika-25 Dinastiya (circa 1070-664 B.C.E.)**

**Namuno:**

- Smendes (1070-1044 B.C.E.) ng Lower Egypt.
- Shoshenq I (946-913 B.C.E.) Unang Pinuno

**Mahalagang Pangayayari**

Ang Ika-21 Dinastiya, na tinawag din bilang Tanites, ay pinasimulan ni **Smendes** (1070-1044 B.C.E.) ng Lower Egypt. Ang dinastiyang ito ay napalitan ng mga hari mula sa Libya na nagpasimula naman sa Ika-22 Dinastiya. Ang unang pinuno nito ay si **Shoshenq I (946-913 B.C.E.)** na isang heneral sa ilalim ng nagdaang dinastiya. Sa mga panahong ito, maraming mga nagtutunggaliang pangkat ang nagnanais mapasakamay ang kapangyarihan. Humantong ito sa pagbuo ng Ika-23 Dinastiya. Sa paglisan sa Egypt, sa Sudan, isang prinsipe ang kumontrol sa Lower Nubia.Nang lumaon, isang nagngangalang Piye ang sumalakay pahilaga upang kalabanin ang mga naghahari sa Nile Delta. Umabot ang kaniyang kapangyarihan hanggang sa Memphis. Sumuko nang lumaon ang kaniyang katunggaling si Tefnakhte subalit pinayagan siyang mamuno sa Lower Egypt. Sinimulan niya ang Ika-24 na Dinastiya na hindi naman nagtagal.

**9. Late Period Huling Panahon**
**Ika-26 hanggang Ika-31 Dinastiya (circa 664-330 B.C.E.)**

**Namuno:**

- Psammetichus (664-610 B.C.E.).
- Apries
- Amasis II (570-526 B.C.E.)
- Cambyses II
- Cleopatra VII ang kahuli-hulihang reyna ng dinastiya. Ang Egypt ay naging bahagi ng Imperyong Roman noong 30 B.C.E.

**Mahalagang Pangyayari**

Nagsimula ang Ika-26 na Dinastiya sa ilalim ni Psammetichus (664-610 B.C.E.). Nagawa niyang pagbuklurin ang Middle at Lower Egypt. Nakontrol niya ang buong Egypt noong 656 B.C.E. Sa ilalim ni Apries, isang hukbo ang ipinadala upang tulungan ang mga taga-Libya na puksain ang kolonya ng Greece na Cyrene. Subalit ang malaking pagkatalo ng kaniyang hukbo ay nagdulot ng kaguluhang sibil na humantong sa paghalili ni Amasis II (570-526 B.C.E.). Hindi naglaon, na-pasakamay ng mga Persian ang Egypt. Ang pinuno ng mga Persian na si Camby-ses II ang naging unang hari ng Ika-27 Dinastiya.

Napalayas ng mga Egyptian ang mga Persian sa pagtatapos ng Ika-28 Dinastiya. Sa pananaw ng Persia, ang Egypt ay isa lamang nagrerebelyong lalawigan nito. Namuno ang mga Egyptian hanggang sa ika-30 Dinastiya bagama't mahihina ang naging pinuno. Panandaliang bumalik sa kapangyarihan ang mga Persian at itinatag ang Ika-31 Dinastiya.

Noong 332 B.C.E., sinakop ni Alexander The Great ang Egypt at ginawa itong bahagi ng kanyang Imperyong *Hellenistic*. Malawak ang saklaw ng kaniyang imperyo na umabot ng Egypt, Macedonia, Asia Minor, Persia, Mesopotamia hanggang Indus Valley sa India. Sa kaniyang pagkamatay noong 323 B.C.E., naging *satrap* o gobernador ng Egypt ang kaniyang kaibigan at heneral na si Ptolemy.

Noong 305 B.C.E., itinalaga ni Ptolemy ang kaniyang sarili bilang hari ng Egypt at pinasimulan ang Panahong Ptolemaic. Ang Dinastiyang Ptolemaic ay naghari sa loob halos ng tatlong siglo.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2 :** Basahin ang mga sumusnod na pahayag sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

1. Sistema ng pagsulat ng mga sinaunang kabihasnang Egyptian
2. Itinuturing na pinakadakilang panahon ng kabihasnang Egyptian na tinawag ding Bagong Kaharian
3. Tawag sa Gobernador ng Egypt.
4. Tumatayong pinuno at hari ng Egypt na tinuturing din nilang Diyos
5. Nagsilbing mga bantayog ng kapangyarihan ng mga pharaoh at naging libingan ng mga ito.
6. Ang Bansang ito ang pinagmulan ng mga Sinaunang Kaharian sa Africa.
7. Kinilalang isa sa mahuhusay na babaing pinuno ng sinaunang Egypt
9. Ito ang sagradong Ilog na pinagmulan ng sinaunang Egypt.
8. Isa siya sa mga pinakaunang pharaoh sa panahon ng Unang Dinastiya ng Egypt.


## Mga Pamana ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig

Ang mga sinaunang kabihasnang umusbong sa daigdig ay nag-iwan ng kani- kanilang mga pamana sa sangkatauhan. Ang mga ito ay nagpapakita ng kadakilaan, husay, at talento ng mga sinaunang tao sa iba't ibang larangan at aspekto. Hindi natin napapansin subalit ang ilang mga bagay na ating ginagamit araw-araw ay maaaring mag-ugat sa malayong nakaraan. Gayundin, ang kasaysayan ng iba't ibang kaisipan, pilosopiya, at relihiyon sa kasalukuyan ay maaaring tuntunin sa mga sinaunang kabihasnang ito. Bilang mag-aaral ng kasaysayan, ikaw ba ay may nalalamang ambag o kontribusyong nagmula sa mga sinaunang kabihasnan na kanilang ipinamana sa kasalukuyang panahon?

**MESOPOTAMIA**

Ang *ziggurat* ay estruktura kung saan pinaparangalan at sinasamba ang diyos o patron ng isang lungsod. Sentro rin ng pamayanan ang *ziggu-rat.*

Sa larangan ng literatura, itinuturing ang *Epic of Gilgamesh* bilang kauna- unahang akdang pam-panitikan sa buong daigdig. Ito ay kuwento ni Haring Galgamesh ng lungsod-estado ng Uruk sa Sumeria noong ikatlong siglo B.C.E. Ang isa sa mga kabanata ng epikong ito ay kahalintulad sa *The Great Flood* ng Bibliya.



http://www.crystalinks.com/ziggurat.html

**EPIC OF GILGAMESH**

Ang katipunan ng mga batas ni Hammurabi, na mas kilala bilang *Code of Hammu-rabi*, ay isang na-pakahalagang ambag. Ito ay naglalaman ng 282 batas na pu-mapaksa sa ha-los lahat na aspekto ng araw-araw na buhay sa Mesopotamia

**CODE OF HAMMURABI**



http://www.crystalinks.com/

Ang Kauna-unahang sistematikong paraan ng pagsulat sa buong daigdig ay nalinang sa Sumer. Ito ay tinawag na Cuneiform.

## Indus

May sewerage system ang Mohenjo-Daro. Bukod dito, ang mga pamayanan sa Indus ay kinikilala bilang mga kauna-unahang paninirahang sumailalim sa tinatawag na urban o city planning o pagpaplanong panlungsod. Ang mga kalsada sa matatandang lungsod ng Mohenjo-Daro at Harappa ay nakaayos na parang

Isinulat ni Kautilya ang Arthasastra noong ikatlong siglo B.C.E. Ito ang kauna- unahang akda o treatise hinggil sa pamahalaan at ekonomiya. Si Kautilya ay tagapayo ni Chandragupta Maurya, ang tagapagtatag ng Imperyong Maurya

**Arthasastra**



Ang dalawang epikong pamana ng India sa larangan ng panitikan. Ang *Mahabharata* ay isang salaysay hinggil sa matinding Tunggalian ng dalawang pamilya na magkakamag-anak – ang mga Pandava na kumakatawan sa kaguluhan at kasamaan. Ang *Ramayana* naman ay isang salaysay tungkol sa buhay ni Prinsipe Rama at ang pagsagip niya kay Prinsesa Sita, ang kaniyang asawa, na sapilitang kinuha ni Ravana, isang demonyong hari.

**Ramayana at Mahabharata**

**Iba pang Kontribusyon:**

- Pamantayan ng bigat at sukat
- Decimal System
- Paggamot at pagbubunot ng ngipin
- Halaga ng *pi*
- *(3.1416)*
- Taj Mahal

**Ayurveda**

Ang *Ayurveda* o "agham ng buhay" ay isang mahalagang kaisipang pangmedisina ng sinaunang India. Tinawag itong "agham ng buhay" sapagkat binigyang-tuon nito ang pagpapanatili ng kalusugan at kaligtasan mula sa mga karamdaman.

## Tsino

Sa panahon ng Qin, tinatayang isang milyong katao ang sapilitang pinagtrabaho upang itayo ang *Great Wall* ng China. Ito ay nagsilbing simbolo ng kabihasnang Tsino sa loob ng mahabang panahon.

Ang *I Ching (Classic of Change)* ay nagbibigay ng perspektiba at pamamaraan ng prediksyon ukol sa iba't ibang bagay at sitwasyon sa buhay ng tao. Samantala, ang *Bing Fa (Art of War)* ay itinuturing na isa sa mga kauna-unahan at pinakatanyag na aklat ukol sa estratehiyang militar na isinulat ni Sun Zi o Sun Tzu noong 510 B.C.E.

**Iba pang kontribusyon:**

- Paggamit ng
- *silk* o seda
- Kalendaryo
- *Star map*
- *magnetic compass*
- *seismograph*
- *wheel barrow*
- *water clock*
- *sundial*

**I Ching at Bing Fa**



**Feng Shui**

Ang paniniwala sa *feng shui* o *geomancy* ay nagmula rin sa China. Ang kaisipang ito ay ukol sa tamang pagbalanse ng *yin* at *yang* upang makapagdulot ng magandang hinaharap sa sinuman. Ang *yin* ay sumisimbolo sa kababaihan—malambot at kalmado. Samantala ang *yang* ay tumutukoy sa kalalakihan—matigas at masigla.

## Egypt

May sistema ng pagsusulat din ang mga Egyptian na tinatawag na hieroglyphics. Sa simula, ang isang larawan ay sumasagisag sa isang kaisipan. Ang hieroglyphics ay nakasulat hindi lamang sa mga papel kundi nakaukit din sa mga pampublikong gusali o kaya naman ay nakapinta sa luwad o kahoy. Ang panulat na ito ay naging mahalaga sa pagtatala at kalakalan. Ang mga rolyo ng pergamino o paper scroll ay mula sa malatambong halaman na tinatawag na papyrus.

**Iba pang kontribusyon:**

- *Geometry*
- Medisina tulad ng pagsasaayos ng nabaling buto
- Kalendaryo na may 365 araw

**Hieroglyphics**

Ang mga piramide ay hitik sa mga simbolismong relihiyoso. Libingan ito ng *pharaoh* kung kaya sinisimbolo nito ang kapangyarihan ng mamuno.

Gayundin, pinatunayan nito ang paniniwala sa buhay matapos ang kamatayan.

Lahat ng kayamanan at karangyaan ng *pharaoh* ay makikita sa piramide bilang





Ang katawan ng isang yumao ay sumasailalim sa isang preserbasyon bago ito tuluyang ilibing. Sa isang prosesong tinatawag na *mummification*, Ang mga Egyptian ay gumagamit ng kemikal upang patuyuin ang bangkay. Matapos nito, ang isang *mummy* o embalsamadong bangkay ay pinipintahan, binabalutan ng *linen*, at pinapalamutian ng alahas.

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3 :** Hanapin sa Hanay **B** ang kaalamang tinutukoy sa Hanay **A**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Estrukturang nagsilbing tahanan at templo ng mga patron o Diyos ng Sumer | A. Great Wall of China |
| 2. Ito ang kauna-unahang Imperyo sa daigdig. | B. Mandate of Heaven |
| 3. Dalawang lungsod na matatagpuan sa lambak ng Indus. | C. Ziggurat |
| 4. Ang naging tagapayo ni Chandragupta Maurya na may Akda ng Arthasastra | D. Hieroglyphics |
| 5. Ito ang nagsilbing tanggulan laban sa tribong nomadiko sa China | E. Akkad |
| 6. Ito ang sistemang pagsulat ng Kabihasnang Egypt. | F. Piramide |
| 7. Ito`y nangangahulugang Tirahan ng mga Diyos | G. Cuneiform |
| 8. Ito ang Sistema ng pagsulat ng Sumer. | H.Satrap |
| 9. Estrukturang libingan ng mga Pharaoh ng Ehipto | I. Teotihuacan |
| 10. Paniniwala ng mga Tsino na ang namunong emperador ay may pahintulot ng langit. | J. Kautila |
| | K. Mohenjo Daro at Harappa |

Binabati kita! Nakarating ka na sa dulo ng modyul na ito. Ngayon ay marami ka nang kaalaman hinggil sa mga sinaunang kabihasnan sa daigdig.

Bilang pagtatapos, narito ang ilang katanungan na tiyak ay iyong masasagutan. Basahin mong mabuti ang bawat katanungan at lagyan ng tsek ang tapat ng napili mong sagot. Maaari mo na itong sagutan!

1. Ang __________ ay tumutukoy sa pamayanang maunlad at may mataas na antas ng kultura.

   A. imperyo B. estado

   C. lungsod D. kabihasnan

2. Ang mga pamayanan na naging sentro ng kabihasnan ay nasa __________.

   A. dagat-ilog B. lambak-kapatagan

   C. lambak-ilog D. tabing-dagat

3. Kung ang pyramid ay mula sa Egypt, and ziggurat naman ay mula sa __________.

   A. Indus B. Tsina

   C. Mesopotamia D. Persia

4. Ang mga sinaunang Tsino ay may paniniwalang nagmula sa Diyos ang kanilang mga pinuno. Anong paniniwala ito?

   A. Likas sa mga Tsino ang husay sa pamumuno.

   B. Ang mga pinuno ay nabigyang karapatan ng langit na mamuno o Mandate of Heaven.

   C. Ang mga pinunong Tsino ay sugo ng Diyos sa bansa.

   D. Kailangang mamuno nang mahusay ang mga pinuno upang mapunta sila sa langit.

5. Ang mga lambak-ilog ang karaniwang pinag-usbungan ng mga sinaunang kabihasnan. Ano ang ibig sabihin nito?

   A. Ito ang pook kung saan sumilang ang mga kabihasnan.

   B. Patuloy pa ring pinakikinabangan ang mga lambak-ilog.

   C. Nagbibigay-sigla pa rin sa mga tao ang mga ilog.

   D .Malaki ang nagawa ng ilog para sa tao.

## Sanggunian


**Aklat**

Kasaysayan ng Daigdig. Araling Panlipunan- Modyul para sa Mag-aaral Unang Edisyon, 2014 **Modyul**

Heograpiya ng Daigdig Araling Panlipunan III Modyul 1, Project EASE

Araling Panlipunan K to 12Basic Education Curriculum Competency Guide

Modyul AP 8-**KASAYSAYAN NG DAIGDIG**

Kasaysayan ng Daigdig- Isang Iskolarling Pag-aaral nina : Dr. Myrna G. Gil, Samuel S. Cariño

Teksto mula sa Project EASE Module 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph